3

# Gawaing Pampagkatuto sa Filipino

Kuwarter 1

Linggo 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Filipino 3**
**Kuwarter 1: Linggo 3**

Ang materyal na ito ay inilaan upang gabayan ang mga guro sa pagtuturo at suportahan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagpapatupad ng **MATATAG K to 10 Kurikulum**. Layunin nitong magsilbing batayan sa epektibong paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto na inaasahan sa bawat aralin.

Ang **Kagawaran ng Edukasyon (DepEd)**, sa pakikipagtulungan sa **Filipinas Copyright Licensing Society, Inc. (FILCOLS)**, ay nagsisigurong alinsunod sa *Republic Act No. 8047* ang pagbuo at paglilisensya ng mga kagamitang pampagkatuto para sa mga pampublikong paaralan. Ang **FILCOLS**, bilang opisyal na kinikilalang kolektibong organisasyong namamahala sa karapatang-ari para sa sektor ng teksto at larawan, ay nangangasiwa, naglilisensya, at nagpapatupad ng mga karapatan sa pagpaparami ng mga akda sa ngalan ng mga may-akda, tagapaglathala, at iba pang may hawak ng karapatang-ari.

Sa ilalim ng isang hindi eksklusibong kasunduan sa paglilisensya, ang FILCOLS ay nagkakaloob ng pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon na muling gamitin ang mga may copyright na akda sa pagbuo ng mga kagamitang pampagkatuto, na may kaukulang maliit na bayad. Napakahalaga ng pakikipagtulungang ito upang matiyak ang patuloy na akses ng mga mag-aaral sa mga kagamitan para sa pagkatuto, lalo na sa mga pagkakataong may pagkasira o pagkawala ng mga aklat dahil sa mga sakuna.

Tanging ang mga institusyon at entidad na may kasunduan sa FILCOLS ang may pahintulot na magparami ng mga materyal na ito. Ang sinumang hindi awtorisadong partido ay kailangang humingi ng direktang pahintulot mula sa mga may hawak ng karapatang-ari. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.filcols.org o magpadala ng email sa filcols@gmail.com.

Walang bahagi ng materyal na ito, kabilang ang orihinal at hiniram nitong nilalaman, ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang pasulat na pahintulot mula sa Kagawaran ng Edukasyon.

Sinikap na matiyak ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos-pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development at RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project, pati na rin sa UNICEF, para sa kanilang suporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng mga kagamitang pangpagkatuto para sa MATATAG Kurikulum.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sonny M. Angara
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Virgie T. Taccad |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Ellen Grace F. Fruelda, Benros A. Sampilo |
| **Tagusuri ng Wika:** | Editha R. Mabanag |
| **Tagaguhit:** | Randy Mendoza, Jerson Rod A. Acosta |
| **Tagalapat:** | Rejoice Ann Mananquil, Joey E. Paras |
| **Tagapamahala:** | Bureau of Curriculum Development<br>Bureau of Learning Delivery<br>Bureau of Learning Resources |


**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**

| | |
|---|---|
| Office Address: | Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex<br>Meralco Avenue, Pasig City<br>Philippines 1600 |
| Telefax: | (02) 8634-1054; 8634-1072; 8631-4985 |
| Email Address: | blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph |

## KAGAMITANG PAMPAGKATUTO

## UNANG ARAW

**Ipakita ang larawan.**



**Itanong**:

1. Nakakita na ba kayo ng isang tsubibo?
2. Saan natin ito madalas makita?
3. Nakasakay na ba kayo sa tsubibo?
4. Sino ang nakasama mo nang sumakay ka sa tsubibo?
5. Ano ang iyong naramdaman nang sumakay ka sa tsubibo?

**Misyon #1:**

Panuto: Hanapin sa mga nakapaskil sa pisara ang mga larawang nagpapakita ng isang batang:


1. nakapulot ng laruan



2. nakakita ng nagkalat na basura sa daan



3. nakakita ng mga hugasin sa lababo




**Kuwentong Pambata**

## Ang Batang si Del

*(Isinulat ni: Virgie T. Taccad)*

Si Del ay isang batang responsable. Paggising sa umaga, kasama ko siyang nagliligpit at nag-aayos ng pinaghigaan namin. Kusa siyang nagwawalis ng mga kalat sa bahay at naghuhugas ng mga baso at platong aming ginamit. Talagang responsable at maasahan si Del kaya mahal namin siya. Hilig niya ring maglaro malapit sa nakatayong tsubibo sa may barangay hall.



Isang araw, nakakita siya ng pitaka at hindi niya alam kung sino ang nagmamay-ari nito. Kaya nagmadali siyang pumunta sa barangay hall.

Pagdating doon, hinanap niya si Kapitan Ambo upang iabot ang pitaka.

“Kanino ito Del?”, tanong ni Kapitan Ambo.

“Napulot ko po ang pitakang ito sa kalsada habang kami ay naglalaro.” magalang na tugon ni Del.

“Mabuti ang iyong ginawa Del. Maaring hinahanap na ito ng may-ari. Ipapatunton ko sa mga barangay tanod ang nagmamay-ari ng pitakang ito upang maisauli. Salamat sa iyo Del.” wika ni Kapitan Ambo.

“Ipaabot mo sa iyong magulang ang aking pasasalamat at pagkatuwa ko sa iyong ginawa”, dagdag pa niya.

“Bilin po ng aking tatay at nanay na ibalik sa may-ari o ibigay sa kinauukulan ang mga bagay na aking napulot. Pagpapakita raw po ito nang pagiging isang mabait at responsableng mamamayan”, wika pa ni Del.

Sinaluduhan ni Kapitan Ambo si Del sa kaniyang ginawa at binigyan siya ng tiket sa pagsakay sa tsubibo bilang gantimpala.

Umuwi si Del na may galak sa kaniyang puso. Niyakap siya nina Nanay at Tatay at hinagkan sa kaniyang pisngi. Kinabukasan, masayang- masaya si Del na sumakay sa tsubibo.

**Pangkatang Gawain:**

**Panuto:** Basahin at unawain ang teksto. Tukuyin kung sino ang nagsasalaysay sa teksto at ang mga salitang nakatulong upang matukoy ninyo ito.

**Si Muning**

Ako ay alaga ni Kaning
Ang pangalan ko ay Muning
Ang kulay ko ay itim
Kung tumakbo ako ay matulin

Makinang ang aking mata
Sa dilim ay kitang-kita
Balahiho ko ay maganda
Masdan mo at makikita

Kalaban ko ang aso
Nabubugnot ako rito
Hindi ako nito maunawaan
Dahil ngiyaw ang aking alam

**Pangkat 1- Hanap-Salita:** Hanapin sa *word puzzle* ang pangalan ng nagsasalaysay sa kuwento at ang mga salitang tumulong upang matukoy mo ito.

**Pangkat 2- Tukoy-Salita:** Tukuyin ang nagsasalaysay sa teksto. Isulat ito sa manila paper kasama ng mga salitang tumulong sa inyo upang matukoy ninyo ito. Patulang bigkasin ang mga salita.

**Pangkat 3**- **SayAwit**: Para sa mga salitang tumulong sa inyo upang matukoy ang nagsasalaysay, bigkasin ito nang paawit. Para naman sabihin kung sino ang nagsasalaysay, gayahin ang galaw at ang tunog nito.

Markahan ang mga bata gamit ang rubriks. Dagdagan ang bilang ng grupo kung kinakailangan.

| **Pamantayan** | **Katangi-tangi (5)** | **Mahusay (4)** | **Katamtaman (3)** | **Kailangan pang magsanay (2)** |
|---|---|---|---|---|
| Pagkaka-ganap ng itinakdang gawain | | | | |
| Partisipasyon ng bawat miyembro | | | | |
| Pagsunod sa panuto sa pangkat | | | | |

**Pagtataya**

**Panuto:** Tukuyin ang nagsasalaysay o nagkukuwento sa bawat teksto. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Tagpi ang tawag sa akin ng aking amo. Lagi niya akong kasabay sa pagtakbo at kalaro naman sa tumbang preso. Mahal niya ako kasi ako ang bantay ng kanilang bahay sa gabi't araw. Kapag mayroong magnanakaw, "aw aw aw!", ang malakas kong sigaw.
   a. pusa
   b. kabayo
   c. aso
2. Si tatay ay isang karpintero. Siya ang gumawa ng aming bahay, upuan pati dingding at mesa naming matibay. Mahal namin si tatay sapagka't siya sa amin ay laging nakaalalay.
   a. tatay
   b. anak
   c. nanay
3. Ang aking mga mag-aaral ay masisipag at mapagmahal. Lagi nila akong binabati ng "Magandang araw". Pagpasok nila sa eskuwela, baon nila ay ngiti at mga kagamitang kailangan nila araw-araw.
   a. guro
   b. punongguro
   c. mag-aaral
4. Si Nene ay ang aking malusog na alagang bata. Tuwing siya ay nagugutom, siya ay umiiyak nang malakas kaya ako ay natataranta. Lagi niya akong niyayakap at hinahagkan sa tuwina, subali't siya ay nagtatampo kapag ako ay umuuwi sa aming bahay tuwing Sabado.
   a. yaya
   b. nanay
   c. ate
5. Sakitin ang batang si Toto. Hindi kasi siya nakikinig sa akin. Gusto niya ay matatamis at masasarap na pagkain ayaw niya ng prutas at gulay. Mahilig din siya sa sitsirya at soda. Kaya ngayon, nandito ulit siya sa ospital upang aking gamutin.
   a. pulis
   b. guro
   c. doktor

## IKALAWANG ARAW

**Ipakita ang larawan.**



**Itanong**:

1. Sino sa inyo ang nakapaglaro na sa isang palaruan?
2. Anong mga laro ang iyong ginawa roon?

   Alalayan ang mga bata sa pagbuo ng maikling talata tungkol sa kanilang karanasan sa palaruan. (pasalita)

3. Nais ba ninyong pumunta sa palaruan ngayon?
4. Kung ganoon, halina at ating tuklasin kung paano tayomakapapasok sa "Palaruan ni Galaw".


**Pangkatang Gawain**

**Panuto:** Gamit ang larawan, gumawa kayo ng 5 pangungusap na may salitang kilos at sabihin ang kahulugan ng mga salitang ito.

| | |
|---|---|
| **Pangkat 1:** |  |
| **Pangkat 2:** |  |
| **Pangkat 3** |  |

## IKATLONG ARAW

**Ipakita ang larawan.**



**Itanong**:

1. Anong mga laro ang inyong kinahihiligan?
2. Ano ang pagkakaiba ng mga laro ng lahi sa mga *online games* ngayon?

**Kuwentong Pambata**

## Ang Kaarawan ni Nena

*(Isinulat ni: Virgie T. Taccad)*



Inimbitahan ako ni Nena sa kaniyang kaarawan. Araw ng Linggo noon kaya ako ay nangakong pupunta sa kanilang tahanan. Malugod akong tinanggap ng kaniyan g mga magulang dahil si Nena ay nakaupo na sa unahan. Maraming tao ang naroon lalo na ang mga batang naglalaro habang kumakain ng sorbetes.

"Lino! Halika maglaro tayo ng habulan.", malakas na sigaw ni Abet na aking kaibigan. Niyaya namin si Nena at ang iba pang batang maglaro kung kaya't masaya kaming nagtakbuhan.

Maya-maya pa ay may nagsilbato, hudyat upang umupo ang lahat at makinig sa sasabihin ng punong- abala *(emcee)*. Siya ang tatay ni Nena na kapitan ng aming barangay.

"Mga bata, nais kong maging masaya kayo sa kaarawan ng aking anak na si Nena kung kaya't maglalaro tayo ng laro ng lahi", wika ni Kapitan.

Nakinig ang lahat nang ipaliwanag ni Kapitan ang mga tuntunin sa paglalaro ng patintero, luksong lubid at taguan. Lahat kami ay nanabik na umpisahan ang laro.


Masayang-masaya ang lahat sa paglalaro ng laro ng lahi. Nakakapagod ngunit walang mapagsidlan ang aming kasiyahan. May mga tumatalon, mayroon ding natutumba. Punong-puno rin ng kaba ang aming dibdib dahil baka mahuli kami at maging taya sa taguan. Napuno nang tawanan ang kaarawan ni Nena.

Pagkatapos ng laro, kumain kami ng pansit, *lumpia* at tinapay. Uminom din kami ng malamig na *juice*. Bago mag-uwian, binigyan kami ng supot na may lamang laruan.

Umuwi ako nang masaya at ikinuwento ko kina nanay at tatay ang mga larong ginawa namin sa kaarawan ni Nena tulad ng patintero, luksong lubid at taguan.

**Mga larawan para sa gawain**








**Pagtataya**

**Panuto:** Punan ang talahanayan ng iyong karanasan sa nakasulat na pangyayari. Maaring ang iyong karanasan ay may pagkakapareho o pagkakaiba.

| Mga karanasan sa: | Noong bakasyon | Pagkatapos ng bakasyon |
|---|---|---|
| Pag-aaral | Hindi ako natutulog nang hindi nag-aaral | Hindi na ako nakakapag-aral dahil masarap maglaro |
| Paglalaro | | |
| Pamamasyal | | |
| Pagsisimba | | |
| Pagtulog | | |

# IKAAPAT NA ARAW

**Ipakita nag larawan.**



**Itanong**:

1. Nakakita na ba kayo ng hardin?
2. Saan ninyo ito nakita?
3. Ano-ano ang madalas nating makita sa hardin?

**Mga larawan para sa gawain**

